

MGA KARAPATANG PANTAO SA NEW BRUNSWICK



Alam mo ba na may isang batas sa New Brunswick na **nagpoprotektasa** sa iyo mula sa **panliligalig at diskriminasyon**

Ang **diskriminasyon** ay kapag ang isang tao ay nagtatrato sa iyo nang negatibo dahil sa iyong pagkakakilanlan o personal na katangian, tulad ng iyong lahi, bansang pinagmulan, o katayuan ng pamilya

Ang **New Brunswick Human Rights Act (Batas)** ay nagpoprotekta sa iyo mula sa diskriminasyon sa 5 mga lugar o mga aktibidad ng iyong buhay. Kabilang dito ang **pag-eempleyo, pabahay** (hal. apartment o anumang iba pang mga pag-aaring paupahan), **mga serbisyo** (hal. mga restawran, mga paaralan, mga negosyo, mga tindahan, mga serbisyo ng pamahalaan, atbp.), **publisidad** (mga karatula, patalastas, publikasyon, atbp.), at ilang **mga asosasyon**.

Ang Batas ay may **16 na mga batayan ng diskriminasyon**. Kinakatawan ng mga batayang ito ang iyong **pagkakakilanlan o mga personal na katangian** (hal: lahi, kulay, relihiyon), na maaari kang gawin na mas maapektuhan ng diskriminasyon.






Ang mga batayan ay:

1. Lahi
2. Kulay
3. Pambansang Pinagmulan
4. Ninuno
5. Lugar ng Pinagmulan
6. Kredo ng relihiyon
7. Edad
8. Pisikal na kapansanan
9. Kapansanan sa kaisipan
10. Katayuan sa kasal
11. Katayuan ng pamilya
12. Sex (kabilang ang pagbubuntis)
13. Sekswal na oryentasyon
14. Pagkakakilanlan o pagpapahayag ng kasarian
15. Kondisyon sa lipunan (kabilang ang iyong pinagmumulan ng kita, antas ng edukasyon at uri ng trabaho)
16. Political belief or activity Politikang paniniwala o aktibidad

Ang Batas ay may mga karagdagang proteksyon para sa **sekswal na panliligalig** (sekswal harassment) at **paghihiganti** (hal. kapag negatibo kang tinatrato dahil nagsampa ka ng isang reklamo sa karapatang pantao o tumulong ka sa isang umiiral na reklamo).



Halimbawa, pinoprotektahan ka ng Batas mula sa diskriminasyon:

-  Kapag umuupa ka ng isang apartment (**pabahay**);
-  kapag namimila ka o kumakain sa isang restawran (**mga serbisyo**);
-  kapag pumapasok ka sa paaralan (**mga serbisyo**);
-  kapag ikaw ay nag-aaplay o ay ini-interview para sa isang trabaho (**pag-eempleyo**);
-  kapag ikaw ay bahagi ng isang unyon (**negosyo o asosasyon ng kalakalan**).

Tungkulin na mapaunlakan:

Kung mayroon kang isang pangangailangan na may kaugnayan sa isa sa mga batayan, ang iyong tagapag-employo, kasero o tagapagbigay ng serbisyo ay dapat **mapaunlakan** ang iyong makatuwirang kahilingan para sa pangangailangan na iyon. Ito ay tinatawag na **tungkulin upang mapaunlakan at ito ay batas**.

Halimbawa:

Nag-aalaga ka ng isang miyembro ng pamilya na nagdurusa mula sa isang talamak na sakit (**katayuan ng pamilya**) at kailangan ng pahinga mula sa trabaho upang dalhin sila sa mga lingguhang appointment ng doktor. Ang iyong tagapag-employo ay may **tungkulin na mapaunlakan** ang iyong iskedyul ng trabaho upang matugunan mo ang iyong mga pangangailangan sa pag-aalaga.

Tungkulin na mapaunlakan itinuloy

Ang tungkulin na mapaunlakan ay nangangahulugan na ang mga tagapag-empleyo (o mga tagapagbigay ng pabahay/serbisyo) ay dapat gumawa ng mga pagbabago sa kanilang mga patakaran o mga polisia upang maiwasan ang diskriminasyon laban sa mga indibidwal na protektado ng Batas.



Kung napakahirap para sa isang tagapag-empleyo na mapaunlakan ang iyong pangangailangan (halimbawa dahil sa mga kadahilanang pangkaligtasan), maaari nilang tanggihan ang iyong kahilingan na mapaunlakan ngunit hindi ito awtomatiko! Ito ay tinatawag na **hindi nararapat na paghihirap**.

Mga halimbawa ng diskriminasyon

Diskriminasyon sa lahi at ninuno sa mga serbisyo:

Si Tao ay isang estudyante sa high school (**mga serbisyo**). Ang kanyang guro sa agham ay patuloy siyang inaapi at gumagawa ng mga puna tungkol sa kanyang lipi sa Asya (**lahi at ninuno**). Hindi komportable si Tao at iniisip na ang kanyang guro ay nagtataguyod ng mga estereotipo ng lahi sa silid-aralan.



Diskriminasyon sa katayuan ng pamilya sa pabahay:

Si Juan ay nakatira sa isang apartment complex (**pabahay**) kasama ang kanyang kapareha at nagkakaroon sila ng isang sanggol (**katayuan ng pamilya**). Nang sabihin ni Juan sa may-ari ang inaasahang pagbabago sa kanyang pamilya, hiniling ng kasero na lumipat ang mag-asawa dahil sa mga nasa hustong gulang lamang ang maaaring tumira ang patakaran ng gusali.



Diskriminasyon sa kapansanan sa kaisipan sa mga serbisyo:

Si Jacques ay umaasa sa isang serbisyo ng hayop para sa kanyang kapansanan sa pag-iisip at pumunta sa isang shopping center (**serbisyo**). Sa isa sa mga tindahan, sinabi sa kanya ng manager na hindi siya makapasok kasama ang kanyang aso. Ipinaalam sa kanila ni Jacques na ang aso ay isang hayop na serbisyo, ngunit siya ay tinanggihan pa rin na pumasok.



Paghihiganti sa trabaho:

Si Imani ay isang pansamantalang dayuhang manggagawa at nagtatrabaho sa industriya ng pagkain (**trabaho**). Nagsampa siya ng isang reklamo sa karapatang pantao dahil ang kanyang tagapag-empleyo ay gumagawa ng hindi naaangkop na mga puna sa babaeng kawani. Nang malaman ng tagapag-empleyo ang tungkol sa reklamo, sinisante niya si Imani (paghihiganti) at sinabi sa ibang mga tagapag-empleyo sa lugar na huwag siyang i-employo



Ano ang gagawin kung nakakaranas ka ng diskriminasyon?

Ang Komisyon ng mga Karapatang Pantao ng New Brunswick (**Human Rights Commission**) ay isang ahensya ng pamahalaan na nagsisiguro na ang mga karapatang pantao ng lahat ng mga taga-New Brunswick ay protektado sa ilalim ng Batas. Ang Komisyon ay nagbibigay ng **libreng impormasyon** tungkol sa iyong mga karapatan at makakatulong sa iyo kung nahaharap ka sa diskriminasyon sa New Brunswick

Kung sa palagay mo ay nakaranas ka ng diskriminasyon, maaari kang magsampa ng isang **reklamo** sa Komisyon. Ang sumusunod na mekanismo ng Komisyon ay tinatawag na **proseso ng pagsunod**.

Upang magsampa ng isang reklamo, iminumungkahi namin na:

- 1. Makipag-ugnay** ka muna sa Komisyon upang talakayin ang iyong sitwasyon at makatanggap ng impormasyon tungkol sa Batas at **proseso ng pagsunod**. Ang iyong pakikipag-uusap ay mananatiling kumpidensyal hanggang sa magpasya kang magsampa ng isang reklamo.
- 2. Punan ang isang form ng reklamo.** Ang opisyal na form ng reklamo ng Komisyon ay magagamit sa online; Maaari rin naming ipadala ito sa iyo sa pamamagitan ng email o koreo. Punan ang lahat ng mga seksyon at ilarawan ang mga pangyayari hangga't maaari. Ang isang miyembro ng pamilya, kaibigan, tagapagtaguyod o ahente ng paninirahan ay makakatulong sa iyo na punan ang form. Maaari mo ring piliin ang mga ito na kumatawan sa iyo sa buong proseso, ngunit kakailanganin mong ipaalam sa amin.
- 3. Makilahok sa proseso ng pagsunod.** Kapag nagsampa ka ng isang reklamo, ang Komisyon ay mananatiling nakikipag-ugnay sa iyo at ipapaalam sa iyo kung nasa anong yugto ng proseso ang iyong reklamo. Maaari kang makipag-ugnay sa Komisyon anumang oras kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa iyong reklamo.

Maaari mo kaming maabot sa:

(506) 453-2301

hrc.cdpegnb.ca

www.gnb.ca/hrc-cdp